Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG MARSO, 2021 SA GANAP NA IKA-10:17 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

## KAPASIYAHANG BLG. 12 (A) T. 2021

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY GNG. VILMA M. DIMACULANGAN, REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE, REGIONAL FIELD OFFICE-IV-A SA PAMAMAGITAN NI BB. REDELIZA A. GRUEZO, REGIONAL HVCDP COORDINATOR NG BINHI NG MGA GULAY AT ISANG DAAN (100) SAKO NG ABONO UREA UPANG MAIPAMAHAGI SA MGA MAGSASAKA NG BAYAN NG LUMBAN**

**Akda ni: Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT,** malaking tulong sa kabuhayan ng mga magsasaka ng Bayan ng Lumban na sila ay mapagkalooban ng mga binhi ng gulay at abono urea upang kung mamunga ng masagana ay maipagbibili sa Pamilihang Bayan;

**SAPAGKAT,** ang mga bungang maaani mula sa binhing itinanim ay magsisilbing karagdagang pagkain sa hapag kainan ng mga magsasaka ng Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat ng Kagawad, ay;

**IPINASIYA,** tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na hilingin kay Gng. Vilma M. Dimaculangan, Regional Executive Director ng Department of Agriculture, Regional Field Office-IV-A sa pamamagitan ni Bb. Avelita M. Rosales, Regional Corn Program Coordinator ng binhi ng mga gulay at isang daan (100) sako ng abono urea upang maipamahagi sa mga magsasaka ng Bayan ng Lumban tulad ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| 1. Kalabasa | - | 50 |
| 2. Talong | - | 50 |
| 3. Okra | - | 50 |
| 4. Sitaw | - | 50 |
| 5. Ampalaya | - | 50 |
| 6. Kamatis | - | 50 |

**IPINASIYA NA,** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-03 ng Marso, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt030321res12A*